



[Submit to this journal](#)

[Other related articles](#)

[Announcements](#)

[Other PUP Journals](#)

Paghu-bad sa Kainayahan sa Piling Kuwentong Pambata: Pagpopook sa Lumad ng Mindanao

Desecration of Life in Selected Children's Story: Place-making among the Lumads of Mindanao

Alyssa M. Teodoro^{1,3} , Federico B. Rivera Jr.^{1,4} ,
Jamil Q. Carvajal^{2,5}

¹Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

²Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino

³amteodoro@pup.edu.ph

⁴fbriverajr@pup.edu.ph

⁵jqcarvajal@ust.edu.ph

DOI: <https://doi.org/10.70922/3cqjfr12>

Other citation formats:

Article History:

Date received: June 21, 2026

Date accepted: July 29, 2026

How to Cite this paper:

Teodoro, A. M., Rivera, F. B. Jr, & J. Q. Carvajal. (2026). Paghu-bad sa Kainayahan sa Piling Kuwentong Pambata: Pagpopook sa Lumad ng Mindanao. *Social Sciences and Development Review*, 18(1), pp. 317-340. <https://doi.org/10.70922/3cqjfr12>.

Please contact the publisher for any further use of this work at
socialsciencesreview@pup.edu.ph.

Paghu-bad sa Kainayahan sa Piling Kuwentong Pambata: Pagpopook sa Lumad ng Mindanao

Desecration of Life in Selected Children's Story: Place-making among the Lumads of Mindanao

Alyssa M. Teodoro^{1,3} , Federico B. Rivera Jr.^{1,4} , Jamil Q. Carvajal^{2,5}

¹Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

²Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino

³amteodoro@pup.edu.ph

⁴fbriverajr@pup.edu.ph

⁵jqcarvajal@ust.edu.ph

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay isang pagsusuri sa intersemiotikong pagsasalin (mula teksto patungong larawan o imahe) sa tatlong piling radikal na kuwentong pambata mula sa Batang Katutubo Series ng Adarna House na tumatalakay sa kalagayan ng mga Lumad sa Mindanao: ang “Gustong Mag-aral ni Sula”, “Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan”, at “Mga Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno”. Ginamit bilang pangunahing teoretikal na balangkas ang metodolohiya ni Pereira (2008) sa pagsasalin ng imahe at salita, na kinabibilangan ng tatlong paraan: literal na isinasalin ang elementong tekstual, pagdidiin ng tiyak na naratibo, at adaptasyon ng imahe sa tiyak na ideolohiya o sining. Binigyang-daan din ang teorya ng creative transposition ni Roman Jakobson (1959) upang siyasatin ang ilustrasyon bilang isang proseso ng muling-paglikha (re-creation). Bukod sa aspektong linggwistika at biswal, nankla ang pagsusuri sa mga legal na instrumentong nagtatanggol sa karapatan ng mga katutubong bata tulad ng UNDRIP, UNCRC, IPRA (Republic Act No. 8371), at DepEd Order No. 62, s. 2011. Sinuri sa papel ang estruktura ng mga pahina sa pamamagitan ng patayo (vertical) at pahalang (horizontal) na pagbasa upang matukoy ang mga kontra-gahum na symbolismong nagpopook sa tunay na pakikibaka, militarisasyon, at displacement ng mga Lumad. Lumabas sa pag-aaral na ang mga imahe at ilustrasyon sa mga kuwento ay hindi lamang pumapangalawang sining kundi mabisang politikal at radikal na instrumento na humahamon sa mga kombensiyon ng lipunan, nagpapakita ng realidad ng mga bakwit, at nagtataguyod ng panlipunan at pangkapaligirang katarungan para sa mga katutubong pamayanan.

Susing-salita: *Intersemiotikong Pagsasalin, Kuwentong Pambata, Lumad, Mindanao, Panitikang Radikal*

ABSTRACT

This study examines intersemiotic translation (from text to image) in three selected radical children's stories from the Batang Katutubo Series published by Adarna House that depict the conditions of the Lumad communities in Mindanao: *Sula Wants to Go to School*, *Laleng and the Mobile School*, and *Defenders of the Ancestral Land*. The primary theoretical framework employed is Pereira's (2008) methodology for translating words into images, which consists of three approaches: the literal translation of textual elements, the emphasis of specific narrative elements, and the adaptation of images to convey a particular ideology or artistic perspective. Roman Jakobson's (1959) theory of creative transposition also serves as a framework for examining illustration as a process of re-creation. Beyond its linguistic and visual dimensions, the analysis is anchored in legal instruments that protect the rights of Indigenous children, including the United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (UNDRIP), the United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC), the Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA, Republic Act No. 8371), and Department of Education Order No. 62, s. 2011. The study analyzes the page layouts through both vertical and horizontal reading strategies to identify counter-hegemonic symbols that foreground the lived realities of the Lumad people's struggle, militarization, and displacement. The findings reveal that the images and illustrations in these stories function not merely as secondary artistic elements but as powerful political and radical instruments that challenge dominant social conventions, represent the realities of internally displaced Indigenous communities, and advocate for social and environmental justice for Indigenous peoples.

Keywords: Intersemiotic Translation, Children's Literature, Lumad, Mindanao, Radical Literature

PANIMULA

Pinaniniwalaan na sa hayag o hindi hayag, ang lahat ng tagasalin ay mayroong kamalayan sa konteksto ng kanilang sinasaling teksto. Ang katotohanan na ito ay matatanaw sa panitikan partikular sa kuwentong pambata- rito ay makikita na hinog ang larang sa pagsusuri ng relasyon ng teksto at pagsasalin, sa paraan nito ng paglalarawan sa mga tauhan, sitwasyon, pangyayari, at lugar, higit, sa pagitan ng mga matandang manunulat at tagasalin at sa batang mambabasa. Katampok-tampok sa kuwentong pambata ang usaping kultural, politikal, at ekonomikal na espasyo na nagtatangkang tumawid sa pedestal ng linggwistika at

ang pag-iral ng multimodal sa pagitan ng imahe at teksto upang maihandog sa bata ang imahe ng realidad maging ang pantasya, diwa, pangarap at aspirasyon ng isang isang lipunan o bayan na nagtatangkang mag-iwan ng isang makabuluhang aral para sa bata. Itinatampok ng papel na ito ang pagsusuri ng pagsasalin mula teksto patungong larawan o intersemiotikong pagsasalin sa piling mga kuwentong pambata hinggil sa lumad ng mindanao. Makikila ang mga kuwentong pambata na ito bilang bahagi ng radikal na kuwentong pambata.

Tinutukoy ng radikalismo sa panitikan ang “pagsusulong ng mga ideya tungo sa malawakan o pangkalahatang pagbabagong pampolitika at panlipunan.” Katumbas nito ang mga salitang “rebolusyonaryo” at “progresibo.” Sa pangkalahatan, nagiging radikal ang panitikang pambata, ayon kay Julia L. Mickenberg (2017), sa nilalaman, anyo, o posibleng kombinasyon ng dalawa. Dagdag pa niya, “ito ang uri ng panitikan na humahamon sa mga kombensiyon at pamantayan hinggil sa lipunan at pagkabata. Nanghihikayat ang mga radikal na akdang pampanitikan ng pagbabago, lalo na sa mga kilusang nagsusulong ng panlipunan at pangkapaligirang katarungan (social and environmental justice).” (Evasco, 1) Sa depinisyon ng ito, malinaw na matutukoy ang mga piling kuwentong pambata bilang bahagi ng radikalismo ng panitikan. Sa loob at labas ng panitikan, maugong at kontrobersyal ang radikalismo ng kuwentong pambata, madalas, binabansagan itong “mabigat” o “hindi naman talaga pambata” ngunit matagal na rin itong sintemyento sa lipunang pilipino, higit na dinudugtungan nito ang pagtingin ng mga matatanda sa mga bata bilang “bata” o mahina at mababa na walang kakayahang maging kritikal o maghayag ng kaniyang sariling panindigan buhat sa kaniyang sariling pag-iisip. Nagiging maingay ang paksang radikalismo ng panitikang pambata lalo pa’t sa bansang Pilipinas na laganap ang red-tagging at madalas ang nabibiktima nito ay ang mga progresibong organisasyon ng mga kabataang aktibista kaya naman ay umiibabaw ang katanungan na para nga ba talaga sa bata ang isang radikal na kuwentong pambata. Ang sagot ay oo, lagi’t laging oo, sapagkat dual audience lagi ang kuwentong pambata at malinaw na para ito sa bata at ganoon din sa matandang mambabasa. Ngunit may asimétrikal na pagitan ang matandang mambabasa at batang mambabasa, sa usapin ng kuwentong pambata ay laging nasa kapangyarihan ng matanda ang pagpili at pagkonsumo sa akdang babasahin para sa bata, ang pagpili ay madalas nakabatay sa kaniyang sariling identidad, moral na paniniwala, pananampalataya, hilig at iba pang aspektong nag-uudyok sa kanya na ito ang mainam at magaling para sa batang kanyang babasahan ng akda o kung kaya man nito magbasa na. Sa pagkonsumo pa lang ng kuwentong pambata ay makikilatis na natin na ang pagbabasa ng kuwentong pambata ay isang politikal na gawain.

Deklarasyon ng karapatan ng mga katutubong Pilipino

Ang pagpapatibay sa United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples o UNDRIP sa Pilipinas noong 2007 ay isang makasaysayang muhon na inanak ng dekadang militanteng pakikibaka ng batayang sektor—partikular ng mga katutubo—sa iba’t ibang dako

ng mundo, mula sa kanilang pagtindig sa kanilang lupang ninuno hanggang sa paglaban sa mga pwersang umapak at patuloy na umaapak sa kanilang sariling pagpapasya. Nagsisilbi bilang unibersal na pamantayan, pinagtitiibay ng UNDRIP ang batayang karapatan ng bawat katutubo na nag-uugat sa kanilang strukturang pampolitika, pang-ekonomiya, at panlipunan, maging sa kanilang mga kultura, tradisyong espiritwal, kasaysayan, at pilosopiya—higit lalo ang kanilang mga karapatan sa kanilang mga lupain, teritoryo, at likas yaman.¹

Sa kabilang banda, may mas partikular pang pamantayan para protektahan ang karapatan ng mga batang katutubo. Ito ay nakaangkla sa mga karapatan ng bata sa ilalim ng Artikulo 30 ng United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC).² Isinasaad sa Artikulo 30 na ang katutubong kabataan ay hindi kailanman dapat pagkaitan ng karapatang pangalagaan ang kanilang lupang ninuno, isagawa ang kanilang tradisyonal na espiritwalidad, o gamitin ang kanilang katutubong wika. Sa pamamagitan ng pag-iral ng UNDRIP at UNCRC, nagkakaroon ng internasyonal na batayan ang mga katutubo na singilin ang kanilang gobyerno sa mga polisiyang sapilitang sumusupil, nang-aapi, at sistematikong bumubura sa kanilang pagkakakilanlan.

Sumasalamin ang Pilipinas sa mga pandaigdigang balangkas na ito sa pamamagitan ng Konstitusyong 1987, kung saan kinikilala ng Estado ang pangangailangang itaguyod at protektahan ang kultural na pamayanan ng mga katutubo upang matiyak ang kanilang pag-unlad.³ Ang direktibang ito ng konstitusyon ay ganap na naipatupad sa pamamagitan ng ng Republic Act No. 8371, o ang Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA) of 1997.⁴ Isang dekada bago naratipika ang UNDRIP, kabilang ang IPRA sa mga nanguna sa Timog-Silangang Asya sa pagbibigay ng legal na proteksyon sa lupang katutubo, gayundin sa pagtatatag ng prinsipyo ng Free, Prior and Informed Consent (FPIC). Para sa katutubong batang Filipino, binabago ng IPRA ang kultural na integridad mula sa pagiging isang abstraktong mithiin tungo sa isang karapatang matatamasa.

Upang lubos na maunawaan ang praktikal na aplikasyon ng mga legal na instrumentong ito, ang mga karapatan ng mga katutubong bata ay maaaring suriin sa pamamagitan ng tatlong

1 United Nations. (2007). United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples. UN General Assembly Resolution 61/295. https://www.un.org/development/desa/indigenouspeoples/wp-content/uploads/sites/19/2018/11/UNDRIP_E_web.pdf

2 UN Office of the High Commissioner for Human Rights (OHCHR). (1989). Convention on the Rights of the Child, Article 30. <https://www.ohchr.org/en/instruments-mechanisms/instruments/convention-rights-child>

3 Government of the Philippines. (1987). The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines, Article XIV, Section 17. <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1987-constitution/>

4 Congress of the Philippines. (1997). Republic Act No. 8371: The Indigenous Peoples' Rights Act of 1997. Lawphil. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1997/ra_8371_1997.html

mahahalagang proteksyon: ang karapatan sa sariling pagpapasya, ang karapatan sa pisikal na seguridad, at ang karapatan sa isang edukasyong tumutugon sa kultura.

- A. Ang karapatan sa sariling pagpapasya at kultural na identidad: Sa ilalim ng mga Artikulo 3, 4, at 5 ng UNDRIP at Kabanata IV ng IPRA, tinitiyak ng karapatan sa sariling pagpapasya na ang mga katutubong bata ay legal na protektado laban sa sapilitang asimilasyon. Ipinagkakaloob ng karapatang ito ang kalayaan na lumaki silang may matibay na ugnayan sa kanilang pinagmulan, habang pinangangalagaan ang kanilang mga tradisyonal na pamamaraan ng pamumuno, at naghahanda sa paggampan ng mga katungkulan sa kani-kanilang lupang ninuno sa hinaharap.
- B. Ang karapatan sa buhay, seguridad, at kalayaang mag-organisa: Bukod sa karapatang pantao, pinoprotektahan ng Artikulo 7 ng UNDRIP ang pisikal at mental na integridad ng indibiduwal na katutubo habang ang Kabanata V naman ng IPRA ay naggagarantiya ng kanilang batayang katarungang panlipunan. Sa antas ng bansa, ang mga pananggalang na ito ay lalong pinagtitiyab ng Republic Act No. 7610, na eksplisitong kumakanlong sa mga katutubong bata at naggagarantiya ng natatanging kalinga para sa mga kabataang naipit sa gitna ng armadong tunggalian.⁵ Ipinagtatanggol ng mga batas na ito ang mga katutubong bata laban sa militarisasyon sa loob ng kanilang mga lupang ninuno, at tinitiyak ang kalayaan ng katutubong kabataan na mag-organisa at magtaguyod ng adbokasiya para sa kanilang mga pamayanan nang walang banta ng *profiling* o pag-uusig ng estado.

Ang karapatang makapag-aral: Karaniwang nagdudulot ng kulturang alienasyon sa katutubong bata ang tradisyonal at asimilasyonistang edukasyon. Bilang tugon, pinagtitiyab ng Artikulo 14 ng UNDRIP at Seksyon 30 ng IPRA ang karapatan ng mga katutubong komunidad na magtayo at humawak ng kontrol sa kanilang sariling sistemang pang-edukasyon. Ang polisiyang ito ay binigyang-bisa ng Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng DepEd Order No. 62, s. 2011, na nagbunsod sa National IPed Policy Framework.⁶ Ginagarantiyahan ng balangkas na ito ang edukasyong nakasalig sa katutubong wika at kurikulum na kumikilala sa mga Katutubong Sistema at Praktika ng Kaalaman (IKSP)—nang sa gayon, ang silid-aralan ay nagiging espasyo ng pagtatanggol at pagpapanatili ng kultura sa halip na instrumento ng sistematikong pagbura rito.

5 Congress of the Philippines. (1992). Republic Act No. 7610: Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act. Lawphil. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1992/ra_7610_1992.html

6 Department of Education (DepEd). (2011). *DepEd Order No. 62, s. 2011: Adopting the National Indigenous Peoples Education (IPed) Policy Framework*. Official DepEd Repository. <https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2011/08/DO-No.-62-s.-2011.pdf>

Sa kasamaang palad, sa kabila ng mga batas at polisiya, marami pa ang kailangang paunlarin sa kalagayan ng mga batang katutubo, higit lalo sa Pilipinas. Bagamat ang estruktura ng mga internasyonal na kasunduan at lokal na batas ay komprehensibo sa papel, pinatutunayan ng kasaysayan na ang mga proklamasyon ng pamahalaan ay walang laman kung walang aktibong pagtatanggol ng mga lokal na komunidad⁷. Ang tunay na manipestasyon ng mga karapatang ito ay matatagpuan hindi lamang basta sa mga polisiya kundi sa matatag at organisadong pagtindig ng mga katutubong komunidad na lumalaban upang makamit ang isang ligtas at malayang kinabukasan para sa katutubong batang Filipino.

Ang proseso ng muling-paglikha sa intersemiotikong pagsasalin

Esensiyal na bahagi ng kuwentong pambata ang pagsasalin, maliban sa dual language nitong aspekto na madalas sa konteksto ng panitikan sa pilipinas ay nakasulat sa Filipino at sa wikang Ingles ay malinaw na nabubuo ang isang aklat ng kuwentong pambata sa pamamagitan ng larawano imahe. Upang higit maunawaan ng mambabasang bata ang akda ay linalapatan ito ng imahe o larawan. Ang ganitong proseso ng pagsasalin ay tinatawag na intersemiotikong pagsasalin. Ayon kay Jakobson, ang intersemiotikong pagsasalin ay isang interpretasyon ng mga pasalitang tanda gamit ang mga tanda ng mga sistema ng di-pasalitang tanda (imahe.) Binibigyang diin ni Jakobson sa pagsasalang intersemiotiko sa kaniyang sanaysay na “On Linguistic Aspects of Translation” noong 1959 ang kahalagahan ng “mutual translatability” kung saan hindi lamang pagpopokus sa mga salita ang dapat na maging layunin ng tagasalin kundi ang kabuuang nilalaman o mensahe ng teksto ang kailangan maisalin. Mainam na konsiderahin kung ito ba ay nasasalin mula teksto patungong larawan o imahe. Sa bahagi ng kuwentong pambata, masasabing bahagi ng identidad ng mga librong pambata ang imahe kung kaya’t ang kuwentong pambata sa pinakatampok na halimbawa ng pag-iral ng intersemiotikong pagsasalin sa panitikan. Ngunit madalas lumalabas din ang pagtingin na dahil ang mga imahe o larawan ay buhat lamang sa teksto, sila ay *inferior art* o pumapangalawa lamang (Behrent 1997: 24). Kung titignan, kung sa usapin ng prayoridad, mainam na tignan ang kahalagahan ng imahe o larawan sa isang partikular na katha, lalo pa kung ito ay mayroong pinapakitang tiyak na panahon. Sa kasaysayan ng mga librong may ilustrasyon, ito ay makikita sa mga sandali na kung saan ang ilustrasyon ay tumitindig para sa isang prominenteng posisyon kumpara sa teksto, ito may ay dahil sa nasasakop nitong espasyo sa libro, kaugnayan nito sa teksto na katapat, o maging sa mismong katuturan nito sa partikular na akda (Bland 1958). Anuman ang pagkakataon, mahalagang makikita na ang paglikha ng imahe o larawan ay isang proseso ng pagsasalin, ang metodolohiya sa pagsasalin ng teksto patungong imahe o larawan ay nagmumula sa adaptasyon ng ilustrador; at bilang

7 On Self-Determination and Liberation (2015). Indigenous People’s Movement on Self-Determination and Liberation (IPMSDL). <https://www.ipmsdl.org/uncategorized/on-self-determination-liberation/>

produkto, malaki ang ginagampanan ng imahe o larawan sa paglikha ng resepsiyon sa akdang pampanitikan kung kaya't ang paglikha ng sining biswal ay katumbas din sa paglikha ng teksto.

Sa teoretikal na batayan, masasabing ang paglikha ng imahe o larawan na matutukoy bilang isang pagsasalin, ay nagtataglay ng teorya sa muling-paglikha o re-creation, sapagkat ang ilustrasyon ay matatanaw bilang muling-paglikha ng teksto sa pormang biswal. Isang mahalagang punto itong lilitaw sa pagsusuri ng papel na ito dahil ang ilustrasyon ay nagtataglay din ng katulad na paraan sa interlingual na pagsasalin, ang terminong “intersemiotiko” ay tumutukoy sa magkaibang midyum. Ngunit sa maikling klasipikasyon ni Jakobson, hindi siya nakapagbigay ng malinaw na kasagutan sa tanong na ito na maaaring hindi talaga niya intensiyon, o hindi ito partikular na suliranin sa ilustrasyon sa isang akda, ngunit ang kasagutan ay magmumula mismo sa kaniyang teorya. Binabanggit niya na ang masining na paglikha ay maisasalin lamang sa pamamaraan ng “creative transposition” (Jakobson 1959/2000: 118) at kinikilala bilang esensiya ng ilustrasyon, bilang ang ilustrasyon ay gumagamit ng tekstong pampanitikan, at binibigyang halaga rin bilang nagsasariling sining.

Paghub-ad sa kainayahan, pagpook sa kuwentong pambata

Ang dalawang aklat na susuriin sa papel na ito ay bahagi ng Batang Katutubo Series ng Adarna House, ang mga ito ay ang “Gusto Mag-aral ni Sula” ni Virgilio Almario at guhit ni Beth Parrocha at ang “Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan” ni Mon Sy at guhit ni Ara Villena. Ayon sa Adarna House, itinatampok sa seryeng Batang Katutubo ang mga kuwento ng apat na batang kabilang sa iba’t ibang katutubong pangkat sa Filipinas. Ang bawat aklat ay sulap sa kanilang kalagayan at kultura. Pinapahalagahan sa mga kuwentong ito ang maagang pagtuturo at wastong pangngangalaga sa maliit na bata upang masigurong maayos ang kanilang paglaki. Ipinaalam din sa seryeng ito na ang bawat bata ay may karapatang mabigyan ng sapat na edukasyon. Higit sa lahat, ang mga aral at halagang ibinabahagi sa mga kuwentong ito ay inaasahang makatutulong upang mahubog ang mga batang mambabasa na maging Filipino na may pagpapahalaga sa edukasyon at kulturang Filipino. Ang mga nasabing akda ay inirerekomenda para sa mga batang edad siyam pataas. Katuwang ang United Nations Children’s Fund o UNICEF na mahigit pitumpung taon nang tumutulong sa mga pamahalaan, komunidad, at pamilya sa paglikha ng isang mundong kaayaaya para sa mga bata. Inatasan ang UNICEF na manguna sa pagtataguyod ng mga karapatan ng bata. Sa patnubay ng Kumbensiyon hinggil sa mga Karapatan ng Bata, ipinaglalaban ng UNICEF na ang pananatili, proteksiyon, pag-unlad, at partisipasyon ng mga bata ay kailangan para sa pagsulong ng tao. Sa ngayon, tumutulong ang UNICEF sa 191 bansa, mga lugar at teritoryo upang malutas ang mga problema na kinakaharap ng mga maralitang bata, pati na rin ng kanilang mga pamilya, at upang ipaalam sa kanila ang kanilang mga karapatan. Kasama sa gawain ng UNICEF ang paghikayat upang ang mga bata ay pangalagaan at bigyan ng

magandang buhay, pagtulong sa pag-iwas sa karamdaman at maagang pagkamatay ng bata, pagtulong na maging ligtas ang pagdadalantao at panganganak, paglaban sa diskriminasyon, at pakikipagtulungan sa komunidad upang masiguro na ang lahat ng bata ay pumapasok sa paaralan. Tuntungan ng Batang Katutubo Series na itampok ang mga Karapatan ng Bawat Batang Filipino, ang mga ito ay ang sumusunod: Maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad; Magkaroon ng tirahan at pamilyang mag-aaruga; Manirahan sa isang payapa at tahimik na pamayanan; Magkaroon ng sapat na pagkain, malusog at aktibong katawan; Mabigyan ng sapat na edukasyon at mapaunlad ang kakayahan; Mabigyan ng pagkakataon na makapaglaro at makapaglibang; Mabigyan ng proteksiyon laban sa pang-aabuso, panganib, at karahasan; Maipagtanggol at matulungan ng pamahalaan; at Mabuhay nang malaya at responsable. Malinaw na tinatampok ng Batang Katutubo Series ang pagdidiin na ang mga batang katutubo bilang bata ay sakop ng mga karapatang nabanggit sa taas at bilang bahagi ng pambansang minorya ay isa sa mga hindi nakatatamasa at napagkakaitan ng mga karapatan ng batang Filipino. Sa tala ng kasaysayan at datos ng bansa, ang mga batang katutubo ang pinakabulnerableng nakararanas at nakasasaksi ng kawalan ng akses sa serbisyo publiko, edukasyon, gamot at medikal na pangangailangan, manirahan sa isang tahimik at payapang pamayanan ngunit nakasasaksi ng karahasan at digmaan. Dahil sa karahan at digmaan, nagkakaroon sila ng nakalulungkot na karanasan bilang bakwit o magpalipat-lipat ng lugar dahil sa patuloy na displacement upang mapalayasa sila sa kanilang lupang ninuno o ancestral domains at ang kanilang pananatili ay tinatapan ng karahasan na madalas ay sa pangunguna pa ng militar ng pamahalaan. Ang ikatlong kuwentong pambata na susuriin ay ang “Mga Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno” ni Mon Sy at guhit ni Ara Villena ay inilathala rin ng Adarna House. Ang nasabing akda ay lumalayag sa pagpapakilala at pagpapakita ng mga namamayaning pamayanang katutubo sa ating bansa at nagpapakilala sa kanila bilang tagapagtanggol ng lupang ninuno mula sa iba’t ibang dako ng Pilipinas.

METODOLOHIYA

Susuriin ang intersemiotikong pagsasalin o kung paano sinalin mula sa teksto patungong imahe o larawan sa tatlong kuwentong pambata ng Batang Katutubo Series ng Adarna Publishing House na “Gustong Mag-aral ni Sula”, “Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan” at “Mga Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno” gamit ang paraan sa pagsasalin ng imahe at salita ni Pereira. Sa proseso ng intersemiotikong pagsasalin ni Pereira, nagbigay siya ng tatlong paraan kung paano naisasalin ang teksto patungong imahe o larawan: una, literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan; ikalawa, pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan; at ikatlo, adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining. Tutukuyin din ang paraan ng pagbasa sa bawat pahina ng akda bilang patayo o pahalang na pagbasa. Ang patayong pagbasa o vertical reading ay nasa itaas o ibaba ang imahe o larawan at nasa ibabaw o ilalim niya ang teksto sa loob ng pahina samantalang

ang pahalang na pagbasa o horizontal reading ay nasa kaliwa o kanan ang imahe o larawan at katapat niya ang teksto sa loob ng pahina. Sa pagsusuri ng proseso ng intersemiotikong pagsasalin sa tatlong kuwentong pambatang nabanggit, susuriin din ang mga kontra-gahum na simbolismo na tinataglay ng imahe o larawan at teksto ng mismong akda bilang pananda ng pagiging radikal na kuwentong pambata at nagpopook sa tunay na laban ng mga katutubong lumad sa Mindanao at maging sa iba pang pambansyang minorya.

Sa kuwentong pambata na “Gustong Mag-aral ni Sula” ay isinulat ng awtor na si Virgilio S. Almario, kilala bilang Ama ng Modernong Panitikang Pambata sa Filipinas. Siya rin ay isang iginagalang na makata, kritiko, guro, at awtor ng mahigit tatlung pang aklat pambata. Noong 2003, idineklara siyang Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan. Ang ilustrador ng akda na si Beth Parrocha ay bata pa lang gusto na talagang maging ilustrador ng mga aklat pambata. Nagtapos siya ng kursong Fine Arts sa Unibersidad ng Pilipinas at isa siya sa mga tagapagtatay ng Ang INK (Ang Ilustrador ng Kabataan). Kabilang sa mga nalimbang niyang aklat ay Xilef na nagwagi ng Manila Critics Circle National Book Award para sa Best Book Design.

Sa mga kuwentong pambata na “Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan” at “Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno” ay isinulat ng awtor na si Jose Monfred C. Sy na isang propesor ng araling Pilipino sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nailathala ang ilan sa kaniyang mga pag-aaral hinggil sa panitikan at mga paaralang Lumad sa mga dyornal na *Daluyan*, *Banwaan*, *AlterNative*, at *Philippine Studies. Historical and Ethnographic Viewpoints*, at mga aklat na *Plants in Children’s and Young Adult Literature* (Routledge, 2021), *Authoritarian Disaster: The Duterte Regime and the Prospects for a Marcos Presidency* (Noba, 2023), at *Indegenious Media and Popular Culture in the Philippines* (Palgrave Macmillan, 2024). Kasapi rin siya ng Congress for Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND) at Supling Sining, INC. Noong bata pa siya, pangarap na raw ni Mon Sy maging champion ng Pokemon League. Ngunit dahil mapanganib ito, pinili na lang niyang magtapos ng kurso sa komparatibong panitikan. Sa panahong hindi siya nagbabasa, siya at kaniyang mga kasama ay nakikisalamuha sa mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, at pambansang minorya. Siya rin ay nagtuturo sa Bakwit Iskul para sa mga kabataang Lumad na lumalaban para sa kanilang karapatan sa edukasyon. Ang ilustrador ng dalawang akda ay si Ara Villena, isang premyadong ilustrador ng mga librong pambata at komiks. Siya ay miyembro ng Ang Ilustrador ng Kabataan (Ang INK), at ang Sama-Samang Artista para sa Kilusang Agraryo (SAKA). Sa kaniyang librong panahon, inilalaan niya ang kaniyang lakas sa pagsuporta sa laban ng mga magsasaka at maralita. Naniniwala siya na ang karapatan ng kabataang Lumad sa edukasyon at kaligtasan ay dapat ipaglaban.

Pagsusuri sa Intersemiotikong Pagsasalin sa Tatlong Kuwentong Pambata at ang Pagpopook Sa Mga Lumad Sa Mindanao

1. *Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan*

Ang kuwentong pambata na “Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan ay patungkol sa mga batang Manobo sa Mindanao. Ayon sa Adarna Publishing House, matatagpuan ang mga Manobo sa mga kabundukan, lambat, at talamapas sa Agusan, Bukidnon, Cotabato, Davao, Misamis Oriental, at Surigao del Sur. Nangangahulugang “tao” ang salitang “Manobo,” May mga nagsasabi ring nag-ugat ito sa katawagang “Mansubu” na ang ibig sabihin ay “taong ilog” mula sa pinagsamang “man” (tao) at “subu” (ilog). Nakaugat ang kultura ng mga Manobo sa lupa at kalikasan. Napapanatili nila ang kanilang kultura ng mga Manobo sa lupa at kalikasan. Napapanatili nila ang kanilang kultura sa pamamagitan ng panitikan, wika, pamilya, at sa pagpasa ng mga tradisyonal na kasanayan at sining. Kasama ang pangkat ng Manobo sa lupa at kalikasan. Napapanatili nila ang kanilang kultura sa pamamagitan ng panitikan, wika, pamilya, at sa pagpasa ng mga tradisyonal na kasanayan at sining. Kasama ang pangkat ng Manobo sa mga Lumad, ang pinakamalaking katutubong grupo sa Filipinas. Noong 1997, ipinatupad ang Indigeneous Peoples’ Rights Act (IPRA) upang ipagtanggol ang mga karapatan ng mga Lumad at ang kanilang lupa. Ngunit hanggang ngayon, dumaranas pa rin sila ng kahirapan at paglabag sa kanilang mga karapatang pantao. Pinapakita ng kuwentong ito ang determinasyon ng mga batanag Manobo na makapag-aral sa kabila ng kahirapan at banta sa seguridad. Makatutulong din ang kuwentong ito upang malaman ng mga batang mambabasa ang kalagayan ng mga batang Manobo at maaga nilang maunawaan ang kahalagahan ng edukasyon.

Nagtataglay ng 30 pahina ang akda, nagsimula ang dahon ng pamagat sa pahina 2 at mayroong kombinasyon ng pahalang at patayong pagbasa ang mga imahe at larawan sa teksto. Sa dahon ng pamagat, pahina 2 ay nagtataglay ng patayong pagbasa at kabilang sa ikalawa at ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan at adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining. Sa ikalawang paraan, matatagpuan sa dahon ng pamagat ang pamagat ng akda at nasa ilalim nito ang larawan ng upuan na nasa likuran ang isang asul na school bag at nakapatong sa ibabaw ang isang libro na kulay pula at dilaw at nagtataglay ng marka ng katutubong manobo, sa ibabaw ng nasabing libro ay mayroong papel, at isang maliit na ibon na kulay pula at dilaw. Ang maliit na ibon na kulay pula at dilaw ang marka ng ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin, mahalaga at kritikal ang pag-iral ng imahe ng ibong pula at dilaw na nagbibitbit ng kulay ng Katutubong Manobo sa buong akda. Pahalang na pagbasa naman ang pahina 3 at 4, sa pahina 3 nakalagay ang panimula ng teksto samantalang sa pahina 4 ay nakalagay ang imahe ng paaralan sa ibabaw ng ibong malaki na nagtataglay ng kulay pula at dilaw na may

disenyo ng katutubong Manobo. Ito ay nagtataglay ng ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining sapagkat masining na pagtatampok ito ng pagsasalin sa tekstong ng akda na *“Walang katulad ang paaralan namin sa Surigao del Sur. Hindi ito mararating ng bus- maliban na lang kung kaya nitong dumaan sa ilog at bundok. Kadalasa’y nasa gitna ng bukid ang paaralan namin. At may sekreto kami: minsan, tuwing kailangan, naglalakbay ang paaralan namin!”* kaya masining na isinalin na ang kanilang paaralan ay nasa likod ng isang malaking ibon na lumilipad sa kung kinakailangan upang ihatid ito sa mas ligtas na lugar. Sa mga pahina 5 at 6, ito ay pahalang na pagbasa at unang pamamaraan ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe at larawan. Makikita na pinakita ang primaryang tauhan bilang isang batang babaeng manobo na naglalakad pababa sa bundok at tatawid sa ilog patungo sa kaniyang paaralan. Pinapakita rin ng matitingkad na kulay ang kagandahan ng pamayanan ng mga manobo kung saan nakatayo ang kanilang paaralan. Sa mga pahina 7 at 8, ito ay pahalang na pagbasa at ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Ipinapakita sa mga pahinang ito ang aktuwal na pagkaklase sa loob ng paaralan ng mga batang manobo, nagpapakita ito ng larawan ng guro at mga batang mag-aaral ngunit mapapansin din na nakatayo sa mga bintana ang maliit na ibong kulay dilaw at pula at nakikinig sa mga batang manobo na nagpapakilala sa kanilang klase.

Sa mga pahina 9 at 10 ay pahalang na pagbasa at nagtataglay naman ng dalawang paraan ng pagsasalin sa bawat isa ngunit magkarugtong at magkaugnay ang mga imahe sa pahina kung titignan sa resepsyon ng mambabasa. Sa pahina 9 ay isinalin sa ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin na na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining at makikita ang ibong kulay dilaw at pula na nagtataglay ng disenyo ng Manobo lumilipad ito at papunta sa tauhang bida na matatagpuan sa pahina 10. Sa pahina 10 matatagpuan ang imahe ng tauhang bida, siya ay nakaupo sa silya at makikita ang larawan ng luray-luray na kuwaderno, gula-gulanit na lapis, at kulang-kulang na krayola na aktuwal na nabanggit sa teksto. Makikita rin ang ekspresyon ng tauhang bida na siya ay malungkot habang nakamasid sa kaniyang mga gamit kung kaya’t ang pahina 10 ay nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Sa simula pa lang nakita na natin bilang simbolismo ng paaralan ng mga batang Manobo ang ibong kulay dilaw at pula, tuwing may imahe ng ibon sa pahina ay makikita agad natin na ipinapakita nito ang kasalukuyang estado ng paraalan ng mga batang Manobo. Sa pahina 9 kung saan makikita na ito ay lumilipad patungo sa batang tauhan na malungkot at nakatingin sa kaniyang mga salat na kagamitan ay nagpapakita ng mabigat na mensahe sa mga mambabasa. Maaaring maisalin ito biglang pagpapakita ng kahalagahan ng edukasyon sa mga batang Manobo na kahit salat sa yaman pambili ng mga materyal na kakailanganin sa paaralan ay sasalubungin ng ibon ang kahirapan na ito upang kalingain at bigyan ng karapatan sa edukasyon ang mga batang Manobo sa kanilang pamayanan.

Sa mga pahina 11 at 12 ay pahalang na pagbasa at isinalin ng ilustrador sa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Makikita ang imahe ng mga batang Manobo sa loob ng kanilang silid-aralan at pinakita ang aktuwal na kilos ng batang tauhan at ng kaniyang kaklaseng si Isay na pinapahiram siya ng lapis at nasa teksto ng akda ang kabuuang pag-uusap nila na tumutugon sa mismong imahe. Ang mga pahina 13 at 14 ay patayong pagbasa ngunit sa pahina 13 ay nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan sapagkat isinalin ng ilustrador ang teksto sa aktuwal na pagtataas ng batang Manobo sa kaniyang klase o kaganapan ng *recitation* at sa pahina 14 naman ay nasa ikatlong paraang ng intersemiotikong pagsasalin na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining sapagkat makikita ang larawan ng ibon na nakaupo sa ibabaw ng estante ng mga aklat at nakikinig sa mga batang Manobo na nagtatalakay ng kanilang identidad bilang Manobo at Lumad ng Mindanao. Makikita rin sa itaas na bahagi ng mga pahina ang banderitas ng iba't ibang mga Lumad sa matatagpuan sa Mindanao ngunit kapansin-pansin ang larawan ng iilang mga libro sa estante na hindi sumapat para sa bilang ng mga mag-aaral tulad na lamang ng nabanggit sa teksto na hindi nakakuha ng aklat ang tauhang bida. Sa mga pahina 15 at 16 ay patayong pagbasa at nasa ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining. Makikita ang larawan ng tatlong batang Manobo na nagbabasa habang nakaupo sa kanilang mga upuan at kapansin-pansin ang pagtagos ng mga halaman sa pahina ng aklat na kanilang binabasa habang sa kanilang uluhan ay lumilipad ang ibong kulay dilaw at pula na nagtataglay ng disenyo ng mga Manobo. Makikita rin ang masaganang tanim sa kabukiran na ipinapakita sa pahina 15. Sa pahina 17 at 18 ay patayong pagbasa at nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan sapagkat iginuhit ng ilustrador ang walong binungkal na lagay ng lupa na pagtataniman ng mga batang Manobo sa gabay ng kanilang guro. Mapapansin din na nasa tabi ng mga binungkal na lupa ang ibong kulay dilaw at pula at tila nagpapahinga lamang sa tabi nito. Pinapakita ng kabuuang imahe na ito na ang asignaturang agrikultura ay esensiyal sa pag-aaral ng mga batang Manobo sapagkat ito ay bahagi ng kanilang holistikong pamumuhay at ang pagkatuto nito bilang bahagi na itinuturo sa paaralan ay signipikante para sa edukasyon ng isang batang Manobo. Sa mga pahina 19 at 20 ay patayong pagbasa at nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan, isinalin ng ilustrador ang teksto sa paglikha ng larawan ng mga batang umaawit na nabanggit sa teksto. Pinakita rin ang larawan ng bahay na mayroong kisameng gawa sa dahon sa pagdidiin sa teksto na ang kanilang awit ay patungkol sa buhay ng mga Lumad na nagtitipon ng kahoy at dahon para magtayo ng bahay.

Sa mga pahina 21 at 22 ay pahalang na pagbasa at nasa ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining. Linikha ng ilustrador na maging madidilim ang kulay ng bahaging ito at iginuhit

ang mga batang kapansin-pansin na nagising mula sa kanilang pagkakatulog sa gabi. Sila ay natatakot at nagtatago sa kanilang mga kumot habang dumarating ang presenisiya ng militar sa kanilang dormitoryo na may aninong mga halimaw. Walang salitang *militar* o *sundalo* sa teksto ngunit ginuhit ito ng ilustrador bilang puwersa ng militar dahil ang kuwentong pambata na ito ay halaw sa tunay na pangyayari sa Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development Lumad School o ALCADDEV. Ang ALCADDEV ay isang katutubong paaralan ng mga Lumad na matatagpuan sa Surigao del Sur, Mindanao. Ginawaran ito ng DepEd-LCC bilang 5th Most Outstanding Literacy Program sa Pilipinas noong 2014 at nagbibigay ito ng alternative education sa mga batang katutubo sa mga iba't ibang tribo sa rehiyon ng Caraga.

Ayon sa ulat ng KARAPATAN, isang alyansa ng mga indibidwal, grupo, at organisasyon na nagsusulong at nakikibaka para sa karapatang pantao, noong Setyembre 1, 2015 sa pagitan ng ika-4 ng umaga, dumating ang mga paramilitary group ng Armed Forces of the Philippines Magahat/Bagani Force/Marcos Bocales group ay nagpaulan ng bala kay Dionel Campos at sa pinsan nitong si Juvello Sinzo at sa isang staff member ng ALCADDEV na si Belen Itallo habang nariyan ang presensiya ng buong komunidad ng Km.16, Brgy. Diatagon, Lianga, Surigao del Sur. Nasawi agad sina Campos at Sinzo samantalang nakaligtas si Itallo. Sa nasabing umaga, ang labi ni Samarca ay natagpuan sa isa sa mga silid-aralan ng ALCADDEV. Si Emerito Samarca ang Executive Director ng ALCADDEV, brutal ang naging pagpaslang sa kaniya at labis ang ginawa ng puwersa ng mga militar sa kaniyang katawan. Kasabay ng operatiba ng militar ay sinunog din nila ang kooperatiba ng komunidad. Nagsampa ng kasong Extradjudicial killing, frustrated killing, threat at harassment, forcible evacuation, use of school for military purpose, torture, divestment of property, destruction of property, at indiscriminate firing sa mga militar ang KARAPATAN. Masining na ipinakita ng ilustrador ang isang sensitibong paksa hinggil sa karapatang pantao at malinaw na ipinakita ang nakakaawang sitwasyon ng mga batang biktima na nakakasaksi ng ganitong karamasan. Kapansin-pansin ang tensiyon sa mga mukha ng bata sa larawan at ang nakakatakot na katotohanan na wala silang kakayahan pang iligtas ang kanilang sarili sa pagdating ng mga halimaw na wakwak.

Sa mga pahina 23 at 24 ay pahalang na pagbasa at nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan, ipinapakita nito ang isang bahagi ng teksto kung saan natagpuan ng mga mag-aaral ang natupok na kanilang paaralan. Walang natira at sumambulat sa kanila ang mga librong sinunong ng mga militar (tinatawag ng mga mag-aaral na wakwak sa teksto). Pinapakita ng imahe na ito ang paglabag na ginawa ng militar sa batas na National Policy Framework on Learners and Schools as Zones of Peace (Department Order No. 32, series of 2019) na malinaw na nagsasaad na:

Schools, as a general rule, should be free from the presence of armed combatants, whether they be from government forces or armed groups. Armed force protection units from government forces, if needed, shall be situated proximate to the school and not inside the school

labas pa sa dagdag na karahasan at krimen na ginawa nila sa paaralan at sa mga guro nito sa totoong buhay.

Sa mga pahina 25 at 26 ay pahalang na pagbasa at nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan at ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining. Pinakita ng ilustrador ang paglalarawan sa teksto na umiiyak ang mga bata habang yakap ni Teacher Maya. Sila ay labis na nagdadalamhati sa pagkawala ng kanilang paaralan ngunit kapansin-pansin na nakangiti si Teacher Maya upang isalin ang teksto na walang nangyari sa kanilang paaralan sapagkat sila ay nariyan pa rin. Habang nandito ang mga guro at mag-aaral, sila ang paaralan. Tanging mga silid-aralan at bukirin lang ang sinira ng mga wakwak. Kapansin-pansin muli ang maliit na ibong kulay pula at dilaw na may disenyo ng mga Manobo, nasa tabi ito ng mga bata at nagpapakita ng hudyat ng kanilang pagbabakwit. Sinabi sa teksto na ang kanilang paaralan ay naglalakbay kaya muli itong bibitbitin ng ibon sa kaniyang mga pakpak patungo sa isang ligtas na lugar upang magsimula muli. Sa pahina 27 at 28 ay patayong pagbasa at nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin, pinapakita sa mga imahe ng dalawang pahina na ito ang pagbabakwit nina Teacher Maya at mga batang Manobo, tinawid nila ang mga ilog at bundok. Sinuong din nila sa mga larawan ang gubat, nakahawak-kamay ang mga bata at umaawit tulad ng nabanggit sa teksto. Sa pahina 29 at 30 ay pahalang na pagbasa at nasa unang paraan ng pagsasalin na literal na isinalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan kung saan ipinapakita ang kanilang panibagong paaralann kung saan nakatayo muli ito at may mga taniman ng munggo, talong, kalabasa, at okra. Pinakita ang isang makulay na paaralan at masasayang mga mag-aaral na buong tapang na tinatag ang kanilang lakbay-paaralan.

2. *Mga Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno*

Ang kuwentong pambata na “Mga Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno” ay pagbibigay pugay sa mga Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno tulad ni Bai Bibyaon Ligkayan Bigkay na itinuturing na bayani ng maraming pamayanang Lumad sa Mindanao. Si Bai Bibyaon ang una at kaisa-isang babaeng pinuno ng mga Manobo. Higit sa lahat, isa siya sa mga tagapagtanggol ng kanilang lupang ninuno sa Bulubunduking Pantaron. Inaalay ang nasabing akda para sa mga tagapagtanggol sa lupang ninuno gaya ni Bai Bibyaon at hinihikeyat ang kapwa bata at matanda na makiisa sa pakikibaka at pagtatanggol ng mga ito. Makulay ang mga larawan sa kuwentong pambata upang ipakita ang iba’t ibang disenyo at kulay ng bawat katutubo na nanahan sa Pilipinas.

Nagtataglay ng 33 pahina ang nasabing akda at nagsimula ang pagsusuri sa dahon ng pamagat. Sa pagsusuri ng dahon ng pamagat, ito ay patayong pagbasa at nasa ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o

nauusong sining. Nagtataglay ito ng larawan ng isang mayabong na puno at nakapatong ang pamagat sa nasabing puno, hindi literal na isinalin ng ilustrador ang pamagat bagkus binigyan niya ito ng simbolismo ng isang mayabong na puno upang ipakita ang dahilan kung bakit kailangang ipagtanggol ang lupang ninuno. Sa pahina 2 at 3 ay pahalang na pabasa, makikita ang teksto sa kanang bahagi at ito ay nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan sapagkat pinapakita nito ang iba't ibang katutubo na magkakasama, masaya, nag-aani at nangingisda, at nagtatanim ng puno na mismong naratibo ng tekstong katapat. Sa pahina 4 at 5, ito ay nagtataglay ng pahalang na pagbasa, nasa kaliwang bahagi ang teksto at nasa unang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan. Literal na ipinakita ang iba't ibang pangkat ng mga katutubong nabanggit sa teksto na makikita sa hilagang Luzon. Pinapakita rin sa larawan ang kanilang heograpikal na pamayanan at paraan ng pamumuhay. Sa pahina 6 at 7, ito ay patayong pagbasa sapagkat nasa itaas ang teksto at nasa unang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan sapagkat tulad ng pahina 4 at 5, literal na isinalin ng ilustrador ang iba't ibang pangkat ng mga katutubong nabanggit sa teksto na makikita sa Caraballo at Sierra Madre sa gitnang Luzon at ipinakita rin ang nasasakupan ng mga nasabing katutubo, ang larawan ng lambak ng Cagayan. Sa pahina 8 at 9, ito ay patayong pagbasa at nasa unang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan. Makikita sa mga imahe o larawan ang literal na pagsasalin ng ilustrador sapagkat makikita ang iba't ibang katutubong Ayta, mga Agta, Alta, at Abelling na nananahan sa bulubundukin ng Zambales. Sa pahina 10 at 11 ay patayong pagbasa, sa pahina 10 nasa gitna ang teksto samantalang sa pahina 11 naman ay nasa itaas na bahagi ang teksto. Masusuri rin na ito ay nasa unang pamamaraan ng intersemiotikong pagsasalin, literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan sapagkat makikita sa mga pahinang nabanggit ang mga Katutubong Dumagat/Remontado, Manide, Agta-Cimaron, Agta-Tabangon, at Dumagat na inilalarawan sa teksto. Makikita rin ang kanilang pamayanan sa literal na paglalarawan sa kailugan ng Timog Katagalugan at lupain ng Camarines Norte. Sa pahina 12 at 13 ay nagtataglay ng patayong pagbasa, makikita sa mga larawan ang mga katutubong Tao-buid, Tadyawan, Ratagnon, Iraya, Gubatnon Hanunoo, Buhid, Bangon, Alangan, Sibuyan Mangyan Tagabukid, Ati, at Bantoanon na nabanggit sa teksto kung kaya't nasa unang pamamaraan ito ng intersemiotikong pagsasalin at nagtataglay rin ito ng ikalawang pamamaraan ng pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Makikita rin ang pamamaraan ng kanilang pamumuhay at ang isang signipikanteng pagsasalin ng ilustrador ay ang paggamit ng kawayan bilang panggitna sa mga katutubong nabanggit. Nailahad sa teksto na inuukit sa kawayan ng mga nasabing pangkat ang kanilang mga tula at awit at tinatawag nila itong “ambahan” kaya't diniin ng ilustrador ang kahalagahan ng kawayan sa kabuuan ng larawan para sa mga nasabing pahina.

Sa pahina 14 at 15, ito ay nasa porma ng patayong pagbasa at nasa unang pamamaraan ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan sapagkat makikita natin ang iba't ibang katutubong Agutaynen, Batak, Cagayanen, Cuyunon, Molbog, Palaw'an, at Tau't Bato na makikita sa dalampasigan at kabundukan ng Palawan at ang mga Tagbanua na tagapangalaga ng yamang-dagat ng Calamianes at El Nido na nakaguhit sa larawan ng nasabing pahina. Sa pahina 16 at 17 ay nasa porma ng patayong pagbasa at nasa unang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan kung saan makikita ang mga katutubong Panay Bukidnon, Negros Bukidnon, Eskaya, at Badjao na makikita sa guhit ng kanilang pamayanan sa pulo ng Panay, Negros, Guimaras, Bohol, at Cebu.

Nagsimula ang pagpapakilala sa mga "Lumad" ng Mindanao sa pahina 18 at sinasaad sa teksto nito na ang mga Lumad ay binubuo ng iba't ibang pangkat na may kani-kaniyang wika at kultura. Sa pahina 18 at 19 ay nasa porma ng patayong pagbasa, ang teksto ay nasa pahina 18 ang okupado ng larawan ng iba't ibang katutubong Lumad ang pahina 19. Isinalin ng ilustrador ang iba't ibang kasuotan ng bawat katutubong Lumad sa kanilang pagpapakilala sa kanilang sarili bilang Umayamnon, Tigwahanon, Talaandig, Subanën Ginsalugan, Matigsalug, Kamigin, at Higaonon. Mahusay na sinaliksik ng ilustrador ang pagkakaiba ng disenyo o *pattern* ng kanilang mga kasuotan bilang pagdidiin sa kanilang identidad o pagkakakilanlan kung kaya't mababanaag na ang mga ito ay nasa unang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan. Sa pahina 20 at 21 ay nasa anyo ng patayong pagbasa, tulad ng mga nauna ito ay nasa unang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan sapagkat nagtataglay ang mga pahina na ito ng mga larawan ng mga katutubong Lumad na Ata, Bagobo-Klata, Bagobo-Tagabawa, Blaan, Kagan/Kalagan, Dibabawon, Mandaya, Mangguangan, Manobo, Mansaka, Matigsalog, Obu-Manuvu, Tagakaulo, Ata-Manobo, at Sama na mga naninirahan sa rehiyon ng Davao. Sa pahina 22 at 23 ay patayong pagbasa at nagtataglay ng unang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan, ipinakita ang mga larawan ng katutubong Kolibugan, Sama Bangingi, Subanën, Sama Dilaut/Bajau, at Yakan sa kanilang pamayanan sa tangway ng Zamboanga. Ipinakita rin ang kanilang pangingisda sa mahahabang ilog ng rehiyon. Sa pahina 24 at 25, ito ay nasa porma ng patayong pagbasa at nagtataglay rin ng unang paraan ng intersemiotikong pagsasalin sapagkat pinapakita nito ang mga katutubong Banwaon, Mandaya, Higaonon, Talaandig, Mamanwa, at Manobo na nangingisda, nagsasaka, at naghahabi sa tabi ng mga ilog ng Agusan at Surigao samantalang nagsasaka, nangingisda, at nangangaso naman sa mga larawan ang mga Manobo Dulangan, Eumanen Ne Menuvu, Lambangian, Manobo Blit, at Tasaday, Taboli Manobo, Tboli, Tinonanon Monuvu, at Obo Monuvu sa gitnang-timog ng Mindanao.

Sa pahina 26 at 27 ay patayong pagbasa at nasa ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining. Upang maipakita sa mambabasa ang kalahagahan ng teksto na nagsasaad:

Pinapahalagahan namin ang pamana ng aming mga ninuno sa pagsasalita ng aming mga wika, sa paglikha ng aming mga sining, at sa pagsasaka sa aming mga lupa. Ito ang nagbibigay sa amin ng pagkain at gamot. Ito na ang aming palengke't botika!

Lumikha ng larawan ng mapa ng Pilipinas ang ilustrador na may guhit na nakaturo kung saang rehiyon nananahan ang mga katutubo sa ating bansa. Ipinapakita ang malaking bilang ng mga pamayanang katutubo sa ating bansa at halos lahat ng rehiyon ay mayroong nananahan na mga katutubo. Sa pahina 28 at 29, ito ay nasa porma ng patayong pagbasa at nasa gitna ang teksto. Sa nasabing mga pahina makikita ang paglaban ng mga katutubo sa isang bulldozer na nasa itsura ng halimaw. Kapansin-pansin din ang imahe ng dalawang nakahihindik na mata na nasa kalangitan na nakatingin sa mga katutubo na pumipigil sa nasabing bulldozer na sumisira sa kalikasan at sa mga pamayanan, ito ay nasa ikatlong porma ng intersemiotikong pagsasalin na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining sapagkat makikita ang pagdidiin ng ilustrador sa nasabing bulldozer bilang isang halimaw na instrumento ng pagwasak ng komunidad ng mga katutubo. Sa pahina 30 at 31, ito ay nasa porma ng patayong pagbasa at nasa gitna ang teksto ng pahina 31. Tulad ng nauna, ito ay nasa porma ng ikatlong paraan ng intersemiotikong pagsasalin na adaptasyon ng imahe o larawan sa tiyak na ideolohiya o nauusong sining. Malinaw na ipinapakita ng mga larawan ang isang masayang larawan ng mga katutubo na nakaupo ngunit ang ganitong kapayapaan ay bunga ng isang malakas na paglaban at sama-samang pagkilos ng mga katutubo na protektahan at ipagtanggol ang kanilang lupang ninuno. Ipinapakita ng mga larawan ang isang imahe na nagdidiin na noon pang panahon ng pananakop ng mga kastila ay lumaban na ang mga katutubo upang depensahan ang kanilang sarili at ang kanilang komunidad at ito ay nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Sa pangwakas na pahina 32 at 33, ito ay pahalang na pagbasa at nasa unang porma ng intersemiotikong pagsasalin na literal na isinasalin ang mga elementong tekstuwal sa imahe o larawan. Ipinapakita sa dalawang pangwakas na pahina ang imahe ng mga kabataang katutubo na may hawak na panawagan na “LUPANG NINUNO, IPAGLABAN IPAMANA! IPATANGGOL ANG LUPANG NINUNO!” at sa ibabaw ng larawan ay makikita ang imahe ng isang masaganang isla at asul na karagatan. Malinaw na isinalin ang elementong ito patungo sa larawan upang ipakita ang kagandahan ng bansang Pilipinas at ang kahalagan nito sa bawat Pilipino. Malinaw rin ang pangwakas na tekston na nasasabing, *Samahan ninyo kaming ipaglaban ang mga lupa ng Pilipinas dahil lahat tayo ay Filipino!* na malinaw na naisalin sa larawan panghihiikayat sa mambabasa na ang laban ng mga katutubo sa lupang ninuno ay laban ng lahat ng Pilipino.

3. *Gustong Mag-aral ni Sula*

Ang akdang *Gustong Mag-aral ni Sula* ay kuwento ng manunulat na si Virgilio S. Alamaro at guhit ni Beth Parrocha. Tungkol ito sa isang batang T'boli na matatagpuan sa paligid ng lawang Sebu, lawang Seloton, at lawang Lahit sa kabunduhan ng Tiruray sa Timog Cotabato, Mindanao. Pagsasaka, pangingisda, pag-aalaga ng mga hayop, at pangangalakal ang kanilang pangunahing ikinabubuhay. Makukulay ang katutubong kasuotan ng mga T'boli at kilala sila sa kanilang katutubong habi, ang t'nalak. Yari ito sa himaymay ng abaka na kinulayan ng dagta ng mga halaman. Mahabang proseso ang paghahabi ng t'nalak at piling kababaihan lamang ang maaaring maghabi nito. Sinasabing idinudulot ng espiritu ng abaka ang disenyo ng t'nalak sa panaginip ng manghahabi. Sa kuwentong ito, tunghayan kung paano napukaw sa kaniyang panaginip ang kagustuhan ng isang batang T'boli na makapag-aral kahit nasa mura pa siyang edad. Makatutulong ang kuwentong ito upang makilala ng batang mambabasa ang mayamang kultura ng mga T'boli at maagang maunawaan ang kahalagahan ng edukasyon. (Almaro 2022)

Nasa unang paraan ng intersemiotikong pagsasalin ang dahon ng pamagat ng nasabing akda at ito ay nasa patayong pagbasa. Makikita ang imahe ng batang si Sula na nakangiti at may hawak na aklat. Sa pahina 2 at 3, nasa ikalawang pahina ang imahe ng malungkot na batang si Sula at nasa likod niya ang imahe ng 9 na babaeng anak ng dakilang si *Kemukol*. Ang dalawang pahinang ito ay nagpapakita ng pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan na nabanggit sa teksto at ginagamitan ng pahalang na pagbasa. Sa pahina 4 at 5 ay nasa ikaapat na pahina ang imahe ng malungkot na batang si Sula habang nakatitig sa *legoleng* at ito ay pahalang na pagbasa. Nasa ikalawang paraan din ito ng intersemiotikong pagsasalin na nagpapakita ng pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan na nabanggit sa teksto. Sa pahina 6 at 7 ay nasa ikaanim na pahina ang imahe ng batang si Sula ay ni *Fu Dalu*, ang espiritu ng abaka kaya ang mga pahina ay ginagamitan ng pahalang na pagbasa. Pinapakita ng imahe na ito ang pagdarasal ni Sula kay Fu Dalu kaya ito ay nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tikay na naratibo sa imahe o larawan. Sa pahina 8 at 9 ay nasa ikawalong pahina ang imahe ng mga batang nag-aaral sa *gono bong* o malaking bahay ng mga T'boli kaya ito ay nasa pahalang na pagbasa rin. Nabanggit sa teksto na si Sula ay nananaginip na siya ay nasa isang silid kasama ang ibang batang T'boli na nag-aaral magsulat at nagbabasa ng aklat kaya ang mga nasabing pahina ay nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tikay na naratibo sa imahe o larawan. Sa pahina 10 at 11 ay pahalang na pagbasa at nasa ikasampung pahina ang imahe ng batang si Sula na malungkot habang nagbabasa ng libro mag-isa sa loob ng kanilang tahanan. Nabanggit ito sa teksto kaya ang nasabing mga pahina ay nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Sa pahina 12 at 13 ay nasa porma ng pahalang na pagbasa at nasa ika-labing-dalawang pahina ang larawan nina Sula at kaniyang ama. Masayang masaya sila habang hawak siya sa bewang at buhat-buhat pataas

at masayang binibiro na ang liit niya pa at baka hindi pumasa sa iskul. Nabanggit at inilarawan ito sa mismong teksto na nasa ika-labing-tatlong pahina kaya ang nasabing mga pahina ay nasa ikalawang paraan ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Sa pahina 14 at 15 ay nasa porma ng pahalang na pagbasa, makikita sa mga pahina na nasa gawing kaliwa ang imahe ng pamilya ni Sula kasama ang kaniyang ama at ina habang nagsasalo-salo ng kanilang pagkain. Nakangiti na magkaharap ang kaniyang ama at ina habang si Sula ay abala sa kaniyang pagkain ngunit nag-iisp kung sino ang magtuturo sa kaniyang magsulat. Ang mga nasabing pahina ay nasa ikalawang porma ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Sa pahina 16 at 17 ay nasa porma rin ng pahalang na pagbasa, nasa kaliwa ang imahe ng ama ni Sula na nagsusulat at ang kaniya namang ina ay may hawak na mga libro samantalang nasa kanan naman ang imahe ni Sula na nakatingin sa ginagawa ng kaniyang mga magulang sapagkat hindi niya maisingit na ikuwento sa kaniyang mga magulang ang kaniyang panaginip na siya ay nag-aaral na. Nalarawan ang imahe na ito sa mismong teksto kaya ang mga nasabing pahina ay nasa ikalawang porma ng pagsasaling intersemiotiko na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Sa pahina 18 at 19 ay nasa porma rin ng pahalang na pagbasa, nasa ika-labing-walong pahina ang masayang larawan ng pamilya ni Sula. Nakangiti silang lahat habang hawak ng kaniyang ina ang aklat at may sinusulat naman ang kaniyang ama sa papel habang nakaakbay kay Sula. Nabanggit ang larawan na ito bilang bahagi ng teksto kaya ang mga pahina ay nasa ikalawang porma ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Sa pahina 20 at 21 ay nasa porma ng patayong pagbasa sapagkat nasa ilalim ang larawan ng mag-anak ni Sula at nasa taas naman ang teksto. Ipinapakita sa larawan na ginagabayan ng ina ni Sula ang kaniyang mga kamay sa pagsusulat habang pinagmamasdan ng kaniyang ama ang kaniyang ginagawa. Masayang-masaya ang mag-anak at malinaw na nabanggit ito sa teksto na nagtatawanan sila kaya ang mga pahina ay nasa ikalawang porma ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Sa pahina 22 at 23 ay nasa porma ng pahalang na pagbasa, nasa kaliwang pahina ang larawan ng mag-ama. Si Sula ay nagsusulat ng letrang A samantalang ang kaniyang ama naman ay may itinuturo sa pahina ng aklat. Ayon sa teksto ay kinokopya ng mag-ama ang letrang A at salisi silang sumusulat ng nasabing titik. Ang mga nasabing pahina ay nagtataglay ng ikalawang porma ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan. Pahalang na pagbasa rin ang pahina 24 at 25 kung saan makikita na nasa gawing kanan ang imahe ng mag-anak, nasa gitna ng mag-asawa ang kanilang anak na si Sula at ginagabayan nila ito sa pagbabasa. Nabanggit sa teksto na mayroong binuksang klase para sa mga ina at amang hindi marunong bumasa at sumulat sa kanilang barangay at kabilang sa klase na iyon ang kaniyang ina. Nais niyang matutong magsulat at bumasa para magamit niya ito sa kaniyang paghahanap-buhay, ang lahat ng kaniyang matutuhan ay ituturo niya kay Sula at sa kaniyang asawa. Ang imahe na makikita sa pahina ay bahagi ng nabanggit sa teksto na panaginip ni

Sula, sabay silang nagbabasa ng kaniyang ama at malinaw na ito ay nasa ikalawang proseso ng intersemiotikong pagsasalin na pagdidiin ng tiyak na naratibo sa imahe o larawan.

Sa pahina 26 at 27 ay walang nakasulat na teksto ngunit sinakop ng imahe ng batang si Sula na nakadapa, may hawak na lapis at nagsusulat habang nakatingin sa mambabasa. Malinaw sa paraang ito na hindi ginamitan ng teksto o salita ang pangwakas ng nasabing akda kundi imahe o larawan ng isang masayang batang si Sula na natupad ang kaniyang mga panaginip. Ibinibigay ng manunulat at ilustrador sa mambabasa ang interpretasyon o pagbibigay ng kahulugan ng nasabing larawan upang magsilbing wakas ng nasabing kuwento. Nasa kapangyarihan ng matandang nagbabasa para sa bata o ng mismong batang mambabasa ang resolusyon ng kuwento gamit ang pangwakas na larawan na ito.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ipinapakita sa bahaging ito ang mga natuklasan sa pagsusuri ng tatlong piling kuwentong pambata mula sa Batang Katutubo Series ng Adarna House. Ginamit sa pag-aaral ang teorya ng intersemiotikong pagsasalin ni Pereira (2008) upang masiyasat kung paano isinalin ang teksto patungong mga pormang biswal (ilustrasyon), gayundin ang direksyon ng pagbasa (patayo o pahalang). Inilalahad din dito kung paano nagpopook ang mga kuwento sa politikal at kultural na realidad ng mga Lumad sa Mindanao. Ang pagsasaling intersemiotiko bilang proseso ng Muling-paglikha sapagkat batay sa pagsusuri, napatunayan na ang mga ilustrasyon sa tatlong aklat ay hindi lamang nagsisilbing “pumapangalawang sining” (inferior art) o dekorasyon sa teksto. Alinsunod sa teorya ng creative transposition ni Jakobson (1959), ang sining biswal nina Beth Parrocha at Ara Villena ay gumaganap bilang nagsasariling sining na muling-lumilikha (re-creation) sa diwa at aspirasyon ng mga katutubo. Sa pamamagitan ng metodolohiya ni Pereira (2008), natukoy ang tatlong antas ng pagsasalin sa mga akda: Literal na Pagsasalin: Lantad ito sa mga pahina kung saan ang mga elementong tekstuwal ay eksaktong inilalarawan sa guhit. Halimbawa, sa “Mga Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno,” detalyadong isinalin ng ilustrador ang mga natatanging disenyo at pattern ng katutubong kasuotan ng iba’t ibang pangkat tulad ng Umayamnon, Matigsalug, at Higaonon upang idiin ang kanilang identidad. Sa “Gusto Mag-aral ni Sula,” literal ding iginuhit ang aktwal na pagkopya ng mag-ama sa letrang ‘A’. Pagdidiin ng Tiyak na Naratibo: Ginagamit ito upang bigyang-buhay ang emosyon at kilos ng mga tauhan. Sa “Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan,” malinaw ang pagdidiin sa naratibo sa eksenang ipinahihiram ni Isay ang kaniyang lapis kay Laleng, na nagpapakita ng kolektibong kultura ng mga Manobo. Adaptasyon sa Tiyak na Ideolohiya o Sining: Ito ang pinakaradikal na antas ng pagsasalin. Kitang-kita ito sa paggamit ng ibong kulay pula at dilaw sa kuwento ni Laleng. Ang ibon ay hindi lamang hayop; ito ay nagsisilbing simbolismo ng “Lakbay-Paaralan” at ng mismong institusyon ng edukasyon na lumilipad upang kalingain ang mga batang Manobo sa tuwing sila ay biktima ng displacement.

Sa “Mga Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno,” ang bulldozer ay radikal na isinalin bilang isang halimaw na may naglalakihang mata sa kalangitan, na sumisimbolo sa mapanirang pwersa ng kapitalismo at korporasyon na umaagaw sa kanilang lupang ninuno. Ang direksyon at estruktura ng pagbasa ay may malaking ambag sa resepsiyon ng mambabasa. Ang pahalang na pagbasa (horizontal reading) ay madalas gamitin sa mga eksenang naglalahad ng malalawak na espasyo at komunidad, gaya ng masaganang kabundukan at kailugan ng mga katutubo. Sa kabilang banda, ang patayong pagbasa (vertical reading) ay nagbibigay ng pakiramdam ng tensiyon, pagtatampok sa awtoridad, o kaya nama’y taimtim na repleksyon. Isang halimbawa nito ang pahina sa kuwento ni Laleng kung saan ipinapakita ang asignaturang agrikultura bilang bahagi ng kanilang holistikong pamumuhay, kung saan ang teksto ay nasa itaas at ang binungkal na lupa ay nasa ilalim.

Pagpopook sa Lumad: Ang Radikal na Panitikang Pambata at Kontra-Gahum

Ipinapakita ng mga resulta na ang tatlong aklat ay pasok sa depinisyon ni Mickenberg (2017) at Evasco (2018) hinggil sa radikal na panitikang pambata, dahil humahamon ito sa tradisyonal na kombensiyon na ang mga bata ay walang kakayahang maging kritikal. Ang mga akdang ito ay nagsisilbing politikal na gawain para sa dual audience (bata at matanda) upang gisingin ang kamalayan sa tunay na sinasapit ng mga pambansang minorya. Tampok sa mga kuwento ang mga sumusunod na kontra-gahum na simbolismo at realidad: Sa ilalim ng UNDRIP, UNCRC, at IPRA, ang mga katutubong bata ay may karapatan sa isang edukasyong tumutugon sa kanilang kultura (IKSP). Gayunman, sa “Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan,” masining ngunit matapang na isinalin ng ilustrador ang madidilim na anino ng militar bilang mga halimaw o ‘wakwak’ na sumasalakay sa dormitoryo ng mga bata sa gabi. Bagamat walang direktang salitang “sundalo” sa teksto, ang adaptasyong biswal na ito ay direktang nakabatay sa totoong kasaysayan ng ALCADDEV sa Surigao del Sur, kung saan naganap ang brutal na pagpaslang ng mga paramilitar at militar sa mga lider-katutubo tulad nina Dionel Campos, Juvello Sinzo, at Executive Director Emerito Samarca noong 2015. Ang pagsunog sa paaralan sa kuwento ay isang malakas na kontra-gahum na naglalantad sa paglabag ng estado sa National Policy Framework on Learners and Schools as Zones of Peace (DepEd Order No. 32, s. 2019). Ipinapakita ng kuwento ni Laleng at Sula na ang paaralan ay hindi lamang semento o pisara; ang guro at mga mag-aaral ang mismong paaralan. Sa kabila ng pagkasira ng kanilang mga silid-aralan at bukirin, ang pagtahak nina Teacher Maya at ng mga mag-aaral sa mga ilog at gubat (pagbabakwit) habang magkahawak-kamay at umaawit ay simbolo ng kolektibong pagtindig at paglaban. Sa “Mga Tagapagtanggol ng Lupang Ninuno,” ipinopook ang laban ng mga Lumad, sa pangunguna ng mga bayani tulad ni Bai Bibyaon Ligkayan Bigkay (ang kaisa-isang babaeng pinuno ng mga Manobo sa Bulubunduking Pantaron). Ang pagtatapos ng aklat na nagpapakita sa mga kabataang may hawak na plakard na “LUPANG NINUNO, IPAGLABAN IPAMANA!” ay isang hayagang panawagan ng pag-organisa at adbokasiya na protektado

dapat ng Artikulo 7 ng UNDRIP, ngunit madalas ay sinusupil sa tunay na buhay. Ang pagsusuri sa tatlong aklat pambata ay nagpapatunay na ang intersemiotikong pagsasalin ay may kapangyarihang magpook ng mga marginalized na sektor. Sa pamamagitan ng paglalapat ng matitingkad na kulay, kultural na simbolismo (tulad ng t'nalak kay Sula at ambahan sa mga Mangyan), at mga radikal na talinghaga (gaya ng ibong naglalakbay at bulldozer na halimaw), nagagawang tulay ng mga akdang ito ang asimetrikal na pagitan ng batang mambabasa at ng mabigat na realidad ng lipunan. Ang laban ng mga Lumad para sa kanilang sariling pagpapasya, pisikal na seguridad, at edukasyon ay matagumpay na naisalin mula sa pagiging abstraktong legal na konsepto patungo sa isang buhay, radikal, at gumigising na panitikan para sa susunod na henerasyon.

PAHAYAG AT DEKLARASYON

Pinagtibay ng mga mananaliksik na ang isinagawang pag-aaral na “Paghu-bad sa Kainayahan sa Piling Kuwentong Pambata: Pagpopook sa Lumad ng Mindanao” ay pinondohan ng Sentro sa Pagsasalin ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) sa ilalim ng Research Institute for Culture and Language bilang suporta sa pagpapalakas ng araling salin at panitikan.

Idinedeklara ng mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay sumailalim sa kaukulang proseso ng pagsusuring etikal at mayroong Ethics Clearance mula sa kinauukulang tanggapan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP). Ang lahat ng pamamaraan sa pangangalap, pagproseso, at paggamit ng datos ay isinagawa alinsunod sa mga umiiral na pamantayang etikal sa kwantitatibong pananaliksik.

SANGGUNIAN

Almario, V. S. (2022). *Gustong mag-aral ni Sula (2nd Ed.)*. Adarna House.

Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development. (n.d.). *ALCADEV Lumad School*. Retrieved July 30, 2026, from <https://alcadev.wordpress.com/>

Constitution of the Republic of the Philippines, art. XIV, § 17 (1987).
<https://lawphil.net/consti/cons1987.html>

Department of Education. (2011, August 8). *Adopting the National Indigenous Peoples (IP) Education Policy Framework* (DepEd Order No. 62, s. 2011).
<https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2011/08/DO-No.-62-s.-2011.pdf>

Department of Education. (2019, November 11). *National policy framework on learners and schools as zones of peace* (DepEd Order No. 32, s. 2019).
https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/11/DO_s2019_032.pdf

- Evasco, E. Y. (2018). Ang radikalismo sa panitikang pambata. In E. Y. Evasco & S. D. Matias Jr. (Eds.), *Piglas: Antolohiya ng mga radikal na kuwentong pambata* (pp. 5–8). Lampara Publishing House.
- IBON Foundation. (2016, September 7). *Lumad evacuees' return home signals rebuilding of alternative schools*.
<https://www.ibon.org/lumad-evacuees-return-home-signals-rebuilding-of-alternative-schools/>
- International Indigenous Peoples Movement for Self-Determination and Liberation (IPMSDL). (n.d.). *On self-determination and liberation*.
<https://www.ipmsdl.org/uncategorized/on-self-determination-liberation/>
- KARAPATAN. (2015, November 13). *ALCADEV teachers' cottage in Agusan del Sur burned down*.
https://www.karapatan.org/media_release/alcadev-teachers-cottage-in-agusan-del-sur-burned-down/
- Pereira, N. M. (2008). Book illustration as (intersemiotic) translation: Pictures translating words. *Meta*, 53(1), 104–119. <https://doi.org/10.7202/017977ar>
- Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act, Republic Act No. 7610 (1992).
https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1992/ra_7610_1992.html
- Sy, M. (2020). *Si Laleng at ang lakbay-paaralan*. Adarna House.
- Sy, M. (2024). *Mga tagapagtanggol ng lupang ninuno*. Adarna House.
- The Indigenous Peoples' Rights Act of 1997, Republic Act No. 8371 (1997).
https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1997/ra_8371_1997.html
- United Nations. (1989, November 20). *Convention on the Rights of the Child*. Office of the United Nations High Commissioner for Human Rights.
<https://www.ohchr.org/en/instruments-mechanisms/instruments/convention-rights-child>
- United Nations General Assembly. (2007, September 13). *United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples* (Resolution 61/295).
<https://docs.un.org/en/A/RES/61/295>

TUNGKOL SA MGA MAY-AKDA

Si **Alyssa M. Teodoro** ay kasalukuyang dalubguro sa Kagawaran ng Filipinolohiya-Kolehiyo ng Artes at Letra, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Sta.Mesa, Manila. Nagtapos siya ng kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino noong 2016 sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Sta.Mesa, Manila at Master ng Artes sa Filipino noong 2019 sa nasabi ring pamantasan. Naging mananaliksik ng pag-aarkibo sa mga sining na nalikha noong pandemiya na Philippine Documentary Heritage. Nakapaglathala na rin siya ng kaniyang pananaliksik sa Social Sciences Review Journal ng PUP at pokus ng kaniyang nalikhang pananaliksik ay panitikan, araling salin, karapatan ng mga kababaihan at kabataan. Kasalukuyan siyang naninirahan sa Kabite kasama ang kaniyang mga anak na sina Crisanto, Alab Mirasol, at Telo Himig.

Si **Federico B. Rivera Jr.** ay kasalukuyang dalubguro sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas sa ilalim ng Kolehiyo ng Artes at Literatura, Kagawaran ng Filipinolohiya. Nagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa PUP Mabini Campus noong 2017 at Master ng Artes sa Filipino sa PUP Graduate School noong 2021. Naging bahagi bilang isa sa mananaliksik ng proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng Komisyon sa Wikang Filipino (2018-2019) at ng COVID-19 documentary heritage project ng NCCA-PUP (2020-2022). Kontribyutor sa librong “Ang Sining at Kamalayang Pilipino na Maka-TAO” (2022) na inilimbag ng PUP Center for Philippine Studies.

Si **Jamil Q. Carvajal** ay nagtapos ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila noong 2012 at ng Master ng Artes sa Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Paaralang Gradwado noong 2019. May labing-apat na taong karanasan na rin siya sa larangan ng akademya: Master Teacher II sa Elpidio Quirino Senior High School Maynila at academic staff sa Unibersidad ng Santo Tomas, Philippine Normal University, at University of the Philippines- Open University. Kabilang sa kaniyang interes sa pananaliksik ay ang panlipunang kalakaran at ugnayan ng kapangyarihan sa loob ng komunidad ng mga Bingi, partikular sa usapin ng adbokasiya, pagkilala, at pagpoposisyong pangwika, gayundin ang sosyolingguwistikong kalikasan ng Filipino Sign Language (FSL). Nagsilbi rin siyang Editor Pangwika ng Daluyan: Journal ng Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas- Diliman. Sa kasalukuyan, kumukuha siya ng Doktor ng Pilosopiya sa Pagpaplanong Pangwika sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.